Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Muntinlupa

# M E S S A G E

My warmest greetings and congratulations to the graduates, batch 2010!

Rejoice and celebrate! This is your day! Thank God for your achievement! Your parent's hardwork and sacrifices paid off. As they say, they will do everything they can to send their children to school – to get the education they deserve – to give the best legacy – their noble act of giving them a bright future. It is their greatest thing to possess.

Your graduation is also the product of a strong school – home partnership. DepEd – Muntinlupa officials, teachers and staff are truly proud of your success. This is your step to another level of learning.

Education is important as this is the means to transform your lives. It trains you to think, to make decisions independently and the power to improve your life. It develops you to be disciplined and help you tread an avenue to wide and varied opportunities to advance yourself and achieve a real success than any men have ever had before.

I urge you therefore to pursue education relentlessly. Pursue the career you intend to take, be it a college degree or a technical – vocational course. As you journey to your dreams remember the values and the principles imparted to you by your parents and alma mater. I know you can make it, just believe in yourself and have strong faith in God.

Mabuhay and God Bless!

**DOMINICO C. IDANAN**
Officer In Charge
Office of the Schools Division Superintendent

**GRADUATION MESSAGE FOR HIGH SCHOOL**

Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Muntinlupa

# M E N S A H E

Mainit na pagbati ang ipinaabot ko sa mga magsisipagtapos ngayong panuruang taon 2009-2010.

Magsaya at magdiwang kayo! Ang araw na ito ay natatangi para sa inyo. Magpasalamat kayo sa Panginoon sa inyong tagumpay. Nagkaroon ng gantimpala ang pagsisikap at paghihirap ng inyong mga magulang. Tulad nga ng sinasabi nila na gagawin nila ang lahat upang mapag-aral kayo dahil tanging ang *edukasyon* lamang ang pinakamagandang pamanang maibibigay nila sa inyo; pamanang magiging pinakamahalagang bagay na inyong tataglayin.

Ang inyong pagtatapos ay bunga ng magandang ugnayan ng paaralan at tahanan. Kayo'y tunay na ipinagmamalaki ng Pamunuan ng Pansangay ng Kagawaran ng Edukasyon ng Muntinlupa sampu ng inyong mga guro. Ito rin ay inyong hakbang tungo sa susunod na antas o yugto ng inyong pag-aaral.

Mahalaga ang edukasyon. Ito'y nagsisilbing tulay upang mabigyan ng bagong anyo ang inyong buhay. Sinasanay kayong mag-isip, makapagpasiyang mag-isa sa inyong sarili at higit sa lahat ito'y kapangyarihang makapagpapaunlad ng inyong buhay. Pinapalaki kayong maging disiplinado at tinutulungan kayong tahakin ang iba't-ibang oportunidad upang patuloy na paunlarin ang sarili at makamit ang tunay na tagumpay na ninanais makamit ng sinuman.

Hinahamon ko kayo na ipagpatuloy ang inyong pag-aaral. Tandaan: Edukasyon ang Solusyon at susi sa inyong tagumpay. Habang patuloy kayong naglalakbay sa landas ng inyong mga pangarap, tandaan ninyo ang mga gintong aral na itinuro sa inyo ng inyong mga magulang at ng inyong paaralan. Alam kong kaya ninyo itong gawin; basta't magtiwala lamang kayo sa inyong sarili at magkaroon kayo ng matatag na pananalig sa Diyos.

Patnubayan nawa kayo ng Maykapal.

**DOMINICO C. IDANAN**
**Tumatayong Tagapamanihala**
**Lungsod ng Muntinlupa**

## GRADUATION MESSAGE FOR ELEMENTARY